



Sofbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

BISITAHIN ANG LIBINGAN SA BIYERNES

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Sheykh Abdullah Dagbestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Ngayon ay biyernes at banal na araw. Ito'y binigay ng Allah sa Ummah ng Sayyiduna Muhammad alayhis salatu was salam. Sabi niya sa isang hadith may isang mansyon sa bibisita sa kanyang ina at ama sa biyernes. Pinapakita ng hadith na ito ang pagrespeto sa magulang at ang pagbisita ng libingan ay may malaking biyaya.

Maraming walang alam na tao ang sinasabing wag bumisita sa libingan dahil shirk ito. Sino ba ang mas nakakaalam sa relihiyong Islam, ikaw o ang taong nagturo nito, ang Banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Nawa'y itaas pa ng Allah ang kanyang karangalan magpakailanman.

Ngayon, marami nang Shaytan. Ito'y dahil nasa huling mga araw na tao. Inaatake na ng mga hindi muslim at ng mga shaytan ang Islam. Tayo ay In Sha Allah nasa tamang landas na pinakita ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Ang daang pinakita ng mga Mshaykh. Kaya wag kang makinig sa lahat. Maaari kang bumisita sa libingan at wag kang makinig sa kanila. Sabi ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam bisitahin mo ang mga libingan, mananaloka sa Akhira.

Napakaraming aral sa mga hadith ng ating Sayyiduna Muhammad alayhis salatu was salam. Napakagandang hadith din nito. Naghihintay ng kabutihan, duwaa ang mga tao sa libingan mula sa atin. Pumunta tayo sa kanila at magbasa ng Yaseen para sa kanila. Kapag di mo alam maaaring Fatiha o Ikhlas dahil malaking regalo ito sa kanila. Kapag pera ang ibibigay mo wala itong halaga. Maaari kang gumawa ng kabutihan para sa kanila, magbasa ka ng Qur'an. Matutuwa sila at magdidiwang.



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Ngayon ay Cuma, ang araw ng mga Muslim. Mahirap ng pumunta sa malalyong lugar mula sa syudad pero maaari mong basahin ang isang surah at ayah, pagkatapos ay hihingiin mo sa Allah na nawa'y makarating sa mga namatay mong magulang ang binasa mong surah. Mahalaga ang intensyon

Dapat ay pilitin natin gawin ang mga magagandang salita sinabi ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Kapag sila'y binisita mo, makukuha mo ang pagpapasalamat nila. Mabibigay mo sa kanila ang mga dakilang regalo at makakatanggap ka rin ng Biyaya. Mga espiritwal na biyaya at regalo, ang pagmamahal ng Allah at Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Nawa'y magtagumpay tayo sa paggawa ng mabubuting bagay at nawa'y maging madali ito. Nawa'y matuwa sa inyo lahat ang Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
6 January 2017/8 Rabiul Akhir 1438
Sabah Namaz, Akbaba Dargah